# UPO



Ang murang bunga nito ay kalimitang niluluto bilang gulay gayun din ang murang dahon nito. Samantalang ang mga buto nito ay popolar na ginagawang meryenda at maaari ring pagkunan ng langis na panggamit sa buhok. Mayaman ito sa *carbohydrates, mineral* at bitamina.

Ang katas na galling sa berdeng bunga nito ay mabisa sa paggamot ng sakit sa dibdib (chest pain), insanity, epilepsy at iba pang nervous diseases. Ginagamit rin itong gamut sa stomach acidity, indigestion at ulcer. Ang dahon ay ginagamit para gamutin ang mga sakit sa balat (skin diseases). Ang pinakuluang buto ay maganda rin bilang gamot sa mga napaso (boils).

## PANGANGAILANGAN NG LUPA AT KLIMA

Ang upo ay nangangailangan ng lupang tinatawag na buhanginang galas na may sapat na mapagkukunan ng tubig at may asim (pH) na 5.5 hanggang 6.5. Iwasang magtanim sa mga lugar na may mataas na *acidity, alkalinity* o *salinity*. Malaki ang epekto ng hindi magandang lupa sa produksyon ng babaeng bulaklak ng tanim.

Maaaring itanim ang upo sa anumang uri ng klima. Gayunpaman, ang malakas na pag-ulan ay hindi makabubuti sa tanim. Ang temperaturang kailangan ng upo ay 30$^{o}$C hanggang 35$^{0}$C. Kapag ang temperatura ay masyadong mataas, mas maraming bulaklak na lalaki ang mabubuo na nagdudulot ng mababang ani at kita. Para sa mas masaganang ani, magtanim sa mga buwan ng Oktubre hanggang Disyembre o mula Mayo hanggang Hulyo.

## PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Linisin, araruhin at suyurin nang dalawang beses ang lupang tataniman. Gumawa ng tudling na may layong 3 metro at butas ng mga tudling na may layong 1 metro.

## PARAAN NG PAGTATANIM

Ang upo ay maaaring itanim nang direktang buto *(direct seeded)* o punla *(transplanted).* Ang distansya ng pagtatanim ay 3 metro x 10 metro. Sa panahon ng tag-ulan, itanim ito sa bandang ibabaw ng tudling at sa bandang ibaba naman ng tudling sa panahon ng tag-araw. Maglagay ng dalawang buto sa bawat butas. Bunutin ang mga payat na punla 7 araw pagkatapos umusbong. Magtira lamang ng isang tanim sa bawat butas.

## PAGKONTROL NG DAMO

Magdamo 14 na araw pagkatapos magtanim at magsablay o araruhin palabas ng puno isang buwan pagkatanim kapag hindi naalip-ipan.



## PAGPAPATABA

| Uri ng Pataba | Dami ng Pataba (kada ektarya) | Panahon ng Pagpapataba | Paraan ng Pagpapataba |
|---|---|---|---|
| 14-14-14 | 2 sako | Sa pagtatanim | Basal |
| 46-0-0 | 2 sako | 30 araw pagkatanim | Ilagay sa bawat butas |
| 46-0-0 + 0-0-60 (2:1) | 2 sako +1 sako | 45 araw pagkatanim | Ilagay sa bawat butas |

## PAGPAPATUBIG

Patubigan ang tanim 14 na araw pagkatubo sa pamamagitan ng *flooding*. Ulitin ang pagpapatubig tuwing ikapitong araw sa mga buwan ng Oktubre hanggang Disyembre at kung kinakailangan lamang sa mga buwan ng Mayo hanggang Hulyo.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

| Insekto | Kontrol |
|---|---|
| Leaf folders | Methomyl |
| Yellow squash beetle | Deltamethrin |

| Sakit | Kontrol |
|---|---|
| Anthracnose | Captan |

## PAG-AANI

Maaari nang anihin ang bunga 50 hanggang 60 araw pagkatanim. Mainam na gumamit ng kutsilyo sa pamimitas ng bunga upang mahiwa ang tangkay 5 sentimetro mula sa dulo ng bunga.

Ito'y hango sa ginawang babasahin ng Pinoy Rice Knowledge Bank.
Inihanda ng Provincial Government of Camarines Norte sa pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist.
Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte
Tel. No.: (054) 721-0291
Email: opagcamnorte@yahoo.com / opagcamsnorte@gmail.com
Facebook: OPAg Camarines Norte
Website: https://opagcamnorte.com